# Philippine Biblical Worldview Institute
**Certificate in Christian Ministries**

## 900. Christian Marriage ©
**Conrad Jun Tolosa**
Revised November 21, 2021

## CM901. Ang Pag-aasawa
### Panimula

Matapos likhain ng Panginoong Diyos ang sansinukob binigyang pansin Niya na hindi mabuti na ang lalaki na Kanyang nilalang ay nag-iisa. Kaya minabuti ng Diyos na hubugin ang isang babae upang magkaroon ng katuwang at kabalikat ang lalaki sa kanyang buhay. Sa pagkalikha ng mag-asawa, binigkas ng Diyos na iiwan ng lalaki ang kanyang mga magulang upang makiisa sa kanyang kabiyak ng puso.

Nang likhain ng Diyos ang tao, kasama sa kanyang kalikasan ang dalawang naisin, ang sumamba at maglingkod sa lumikha sa kanya. Ang tamang pagsamba sa Diyos ay nararapat na galing sa pusong may tiwala sa Kanyang salita at ang tamang paglilingkod ay yaong tugma sa Kanyang kalooban at kautusan na masusumpungan sa Genesis 1:28: *Magbunga kayo at magparami; punuin ninyo ang lupa at lupigin ninyo ito. Pamahalaan ninyo ang mga isda sa karagatan at mga ibon sa kalangitan at lahat ng hayop at anumang gumagapang sa lupa.* Sa unang utos na ito, maliwanag ang layuning ibinigay ng Diyos sa tao patungkol sa kanyang paglilingkod.

Hindi mahirap unawain ng mag-asawa ang three-fold mandate na ibinigay ng Diyos sa kanila:
1) Bumuo ng pamilya, palakihin ang mga anak ayon sa Kanyang wangis at pagdating ng tamang panahon ay hayaan silang bumuo ng sariling pamilya - - kaya mapupuno ang mundo,
2) Gawing produktibo ang buong kalupaan. Magpatubo ng lahat ng uri ng puno na nagbubunga at gawing maganda at maayos ang buong kapaligiran tulad ng Garden of Eden sa pamamagitan ng pagpaparami ng iba't ibang klase ng tanim at bulaklak. Ang lahat ng nilikha ay para sa kapakinabangan at enjoyment ng lahat kaya dapat silang pangalagaan at palaguin (Genesis 1:28;1 Timothy 6:17b).
3) Pamahalaan ang mga nilalang ng Diyos sa mundo.

Lahat ng kailangan para matupad ng mag-asawa ang mandato ng Diyos ay, pinagkaloob ng Diyos sa kanila. Karunungan, kalakasan, resources at mga abilidad. Ang pag-aasawa ay banal sa harapan ng Diyos at masama na paghihiwalayin ng tao.

Ang hardin ng Eden ang ihinanda ng Diyos upang magsilbing tahanan para sa mag-asawa at maging modelo na rin para sa pinapagawang expansion nito para sa pagpaparami ng pamilya at pagpapalaganap ng tao sa mundo. Ang ideal marriage ay ang pagbubuklod ng isang ideal man at ng kanyang ideal woman. Nauunawaan nilang pareho ang layunin ng pag-aasawa at malugod nilang isasakatuparan ito.

### 1. Ang Marriage Vow

Pakikipag-isang dibdib. Ito ang salitang ginagamit kapag ang pakay ay bigyang halaga at malalim na kahulugan ang pag-aasawa. Ang kasabihang *Lalagay na sa tahimik* ay tumutukoy sa mga magugulong

happening ng single life. Ang kasabihan namang *Magsasarili na* ay nagpapahiwatig ng direksyon sa buhay na lalakbayin ng magkasintahan. Ang laman nito ay hindi na sila aasa sa kani-kanilang magulang at sila ay mananahan nang hiwalay sa kanila.

Subalit, nahulog ang tao sa kasalanan at ang kanilang kalikasan ay dumanas ng drastikong pagbabago. Matindi ang naging epekto ng kasalanan sa buhay ng tao. Ang sumpang binibitawan sa kasal, bagamat puno ng kahulugan ay bukang bibig lamang. Ito ay madaling sabihin subalit napakahirap gawin. Ang lalaki at babae na ikinakasal ay parehong nangangako sa harapan ng Banal na Diyos at sa harapan ng tao na sila ay magmamahalan sa sakit man o kalusugan, sa hirap man o ginhawa, habang sila ay nabubuhay.

Aminin man natin o hindi, ang pag-aasawa, ang pakikipag-isang dibdib, ang paglagay sa tahimik, o ang pagsasarili ay hindi tunay na nauunawan ng mga kinauukulan. Kadalasan pa nga, para itong *talon sa dilim* o *tindig sa ulap*; walang sapat na pang-unawa sa gagawing pagbubuklod ng damdamin.

## 2. Ang Period of Adjustment

Boy meets girl. They fall in love. Sila ay nagpakasal. Nagpatayo sila ng bahay o kaya naman sila ay nangupahan. Nagka-anak sila - one boy, one girl. And they lived happily ever after. Perfect. Subalit hindi tayo nabubuhay sa perfect world. Sabi nga, it only happens in the movies. Hindi nangyayari ito sa totoong buhay. Sang-ayon tayo diyan.

Ako ay naniniwala na dito sa ating bansa ang karamihan sa mga mag-aasawa ay walang ginawang preparasyon, o kung meron man ay hindi sapat. *Sige na, tutal nandidiyan na yan! Ayaw ko nang maghintay pa*. Ito ang kadalasang dahilan sa pagdulog sa dambana ng kasalan.

Pagkatapos ng honeymoon, eto na. Bigla na lamang darating ang realidad na ang pag-aasawa ay may kasamang maraming responsibilidad. Ang mga tungkulin ng isa't isa ang magiging kadalasang paksa ng usapan -- gustuhin man nila o hindi. Pero, kailangang pag-usapan. Kasi, hindi puwedeng makawala sa responsibilidad ang tao sa totoong buhay.

Ang period of adjustment ang kabuntot ng honeymoon. Kung gaano kahaba ito ay magdi-depende sa level of maturity ng lalaki at ng babae. Ang nagbabagang damdamin sa isa't isa ay unti-unting mapapawi. Ang pagkauhaw sa lambingan ay madali nang ma-satisfy. For the first time sa kanilang relationship, makikilala nila ang isa't-isa sa ilalim ng maliwanag na buwan ng katotohanan. Ang mga maling akala ay naitatama. Ang mga shortcomings ay lumilitaw. Ang mga kakulangan ay umiibabaw. Kung paano magre-react sa mga rebelasyon na ito ang mag-asawa ang magsusukat kung gaano kahaba ang kanilang magiging period of adjustment.

Ang responsibilidad sa pagpapatupad ng three-fold mandate ay ibinigay sa lalaki. Ang responsibilidad ng babae ay maging katuwang ng kanyang asawa upang ma-accomplish nila ang kanilang God-given objectives in life. Ang lahat ng mga ito ay dapat isaalang-alang ng mag-asawa.

## I. Multiple choice

1. Sa pagkalikha ng mag-asawa, binigkas ng Diyos na iiwan ng lalaki ang kanyang mga magulang upang
   a. Bumukod sa pagpapamilya
   b. Makiisa sa kanyang asawa
   c. Lahat ng nasa itaas

2. Matapos likhain ng Panginoong Diyos ang sansinukob, ano ang kanyang binigyang pansin na hindi mabuti?
    a. Hindi mabuti na ang lalaki ay may kasama
    b. Hindi mabuti na ang lalaki ay nag-iisa
    c. Hindi mabuti na ang lalaki at babae ay paghiwalayin

3. Alin sa mga pangungusap ang hindi tama?
    a. Sinabi ng Diyos kina Adam at Eve na magbunga at magparami sila, punuin ang lupa at lupigin ito.
    b. Sinabi ng Diyos na iiwan ng lalaki ang kanyang mga magulang upang makiisa sa kanyang kabiyak ng puso.
    c. Sinabi ng Diyos na pamahalaan ang lahat ng ibon, isda, anumang gumagapang sa lupa at mga tao.

4. Alin sa mga pangungusap ang tama?
    a. Ang pagbuo ng pamilya ay ang papalaki ng mga anak ayon sa wangis ng Diyos na pupuno sa mundo.
    b. Ang pagiiging produktibo ng kalupaan ay ang pagtatayo ng maraming kabahayan para may matirhan ang mga tao.
    c. Ang pamamahala sa mga nilalang ng Diyos ay ang pag-exercise ng awtoridad sa mga tao.

5. Ano ang three-fold mandate na ibinigay ng Diyos sa tao?
    a. Magpalaki ng pamilya, Gawing produktibo ang kalupaan, pamahalaan ang mga nilalang ng Diyos
    b. Bumuo ng pamilya, Gawing produktibo ang mga kalupaan, pamahalaan ang mga isda lamang
    c. Bumuo ng pamilya, Gawing produktibo ang mga kalupaan, Pamahalaan ang mga nilalang ng Diyos

6. Upang matupad ng tao ang mandate ng Diyos,
    a. Kinakailangang pag-aralan kung paano ito isasagawa mula sa kanilang angking talino.
    b. Pinagkalooban sila ng Diyos ng karunungan, kalakasan, mga abilidad at resources.
    c. Kinakailangan turuan sila ng Diyos kung paano nila ita tutuparin.

7. Ang pag-aasawa ay banal sa harapan ng Diyos at hindi masama na paghihiwalayin ng tao.
    a. True
    b. False

8. Ang ideal marriage marriage ay ang pagbubuklod ng ideal man sa kanyang ideal woman at ito ay maaaring mangyari pa rin sa ating panahon.
    a. True
    b. False

9. Pakikipag-isang dibdib – ay salitang ginagamit kung ..
    a. Ang pakay ay bigyan halaga ang malalim na kahulugan ng pag-aasawa
    b. Ang pakay ay magmahalan at magkaroon ng malaking pamilya
    c. Ang pakay ay bigyang halaga ang pamilya at pagkakaroon lamang ng konting anak

10. Ang kasabihang lalagay na sa tahimik ay tumutukoy sa mga masasayang happenings ng single life.
    a. True
    b. False

11. Ang kalikasan ng babae at lalaki ay dumanas ng drastic change sapagkat
    a. Sila ay tao lamang
    b. Sila ay nahulog sa kasalanan
    c. Sila ay nagkamali sa kanilang desisyon.

12. Ang sumpang binibitiwan sa kasal sa harap ng Diyos ay
    a. Ang pangako na faithful ako kung faithful ka.
    b. Ang pangakong magsasama sila habang buhay ano man ang mangyari.
    c. Ang pangako na magsasama sila basta masaya ang buhay.

13. Saan nakadepende ang haba ng period of adjustment ng pag-aasawa?
    a. Ito ay nakadepende sa kung gaano kahaba ang pasensiya ng mag-asawa
    b. Ito ay nakadepende sa level ng maturidad ng mag-asawa
    c. Ito ay nakadepende sa pagkakakilanlan nila sa isa't isa

14. Ang realidad ng pag-aasawa ay
    a. May kinalaman sa pagsisilbi ng babae sa lalaki.
    b. May kaakibat na maraming responsibilidad.
    c. May kinalaman sa tungkulin ng isa't isa

15. Ang mga tungkulin ng isa't isa ay madidiskubre ng mag-asawa subalit di na ito dapat pang pag-usapan.
    a. True
    b. False

16. Magkakakilala lang ng husto ang mag-asawa kung sila ay nagsasama na sa isang bubong.
    a. True
    b. False

17. Kapag umibabaw na ang mga shortcomings at kapintasan ng babae at lalaki
    a. Mayroon na silang dahilan upang maghiwalay.
    b. Masusukat ang kanilang level of maturity kung paano sila mag-react sa mga hinaharap nilang pagsubok.
    c. Makikita kung sino ang matitirang matibay sa kanilang dalawa.

18. Ang responsibilidad sa pagpapatupad ng mandate ng Diyos ay ibinigay sa lalaki at walang kinalaman ang babae dito.
    a. True
    b. False

19. Ang responsibilidad ng babae ay
    a. Magpalaki ng kanilang mga anak
    b. Maging katuwang sa kanyang asawa upang matupad ang God-given objectives nila sa buhay.
    c. Magluto at maglinis ng bahay

20. Sa simula ng pagsasama ng bagong kasal, maigi na i-practice nila agad ang
    a. Open communication, speaking truth in love
    b. Pagtancha sa ugali ng isa't isa para maiwasan di pagkakaunawaan
    c. Pag-iingat sa pagsasalita para hindi makasakit ng damdamin

## II. Short Essay (250 words or more)

***Note:***

1. *Ang essay ay maaaring isulat sa English, Tagalog or Taglish.*

© Revised: November 21, 2021 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.